



PAGBUBUNYAG

Inagawan ako ng diwa, sabi ni Juan at nakakita ako. At sunod na isinasalaysay ni Juan ang mga pangitain na sa mga ito niya namalas ang kaluwalhatian ni Jesus na muling binuhay at nahiwatigan din ang mga pag-subok na haharapin ng Iglesya.

Bakit itinuturing ang *Pagbubunyag* na mahiwagang aklat na may nakapangingilabot na kahulugan? Dahil kaya marami ang nagha-hanap doon ng mga lihim na anyo at mensahe na maaaring iangkop sa kasalukuyang mga pangyayari na tila ipinahayag ni Juan ang bawat detalye?

Pagbubunyag ito ni Jesuscristo. Dapat nating malaman na uso sa panahon ni Jesus ang mga aklat na tinatawag na “Pagbubunyag” (o Apokalipsis). Kaya nga, alam natin ang isang *Pagbubunyag ni Isaias*, isa pang tinatawag na *kay Moises* at isa pang tinatawag na *kay Enoc*... Hangad ng mga aklat na nabanggit na maipaliwanag ang mga pangyayari sa kapanahunang iyon, ngunit ikinubli ang mga pangyayaring nasabi at nadamtan ng maraming larawan. Kaya pinag-uusapan ang mga iyon sa pamamagitan ng mga pangitaing likhang-isip lamang at mga larawang hindi kapani-paniwala.

Kayat para sa mga mambabasa, naging isang laro ito para kilalanin ang sariling realidad sa isang paraang kumplikado.

Kaya nga, hinahangad ni Juan na ipaliwanag ang kanyang kaalamang pampropesiya hinggil sa kasaysayan sa anyo ng isang *pagbubunyag* at mauunawaan natin ang kanyang mensahe kung hindi natin tatanggap literal ang lahat. Sa halip, kailangang bigyang-katuturan natin ang mga pangitain, bilang at sagisag, o makapagbunyag ayon sa mga tuntuning tangi sa panitikang apokaliptiko.

Gayunman, sa bawat dantaon maraming tao ang nag-aakala na nasa sentro sila ng mga pangyayari at iniisip nila na ang kanilang panahon ang tinutukoy ng *Pagbubunyag*. Kaya ipinaliliwanag nila ang aklat sa paraan na waring ipinahayag ni Juan ang bawat detalye ng kasalukuyang kasaysayan. Makikita

naman natin na hindi mahirap unawain ang *Pagbubunyag* ni lalong nakapangingilabot kundi puno ng pag-asa. Ang Nabuhay na Kristo ang sentro ng kasaysayan; ang daigdig ay ang pook ng tunggalian ng simbahan, sa pamumuno ni Kristo, at ng mga lakas ni Satanas; tinatawagan ang mga Kristiyano na magpatotoo nang buong-tapang.

Sa aklat na ito matatagpuan ang pitong sunud-sunod na mga pangyayari, na pito ang sangkap ng bawat isa. Apat naman ang pangunahing bahagi ng aklat:

- Ang pitong mensahe sa mga Iglesya, kab.1-3.
- Ang katuparan ng Matandang Tipan, kab. 4-11.
- Hinaharap ng Iglesya ang Imperyo ng Roma, kab. 11-19:6.
- Ang mga huling araw at ang makalangit na Jerusalem, kab. 20-22.

1 • *Pagbubunyag ni Jesucristo.*
¹Ibinigay ito sa kanya ng Diyos para ipaalam sa kanyang mga lingkod ang mga dapat maganap sa madaling panahon. Sinugo niya ang kanyang anghel para ipabatid iyon sa kanyang lingkod na si Juan. ²Ito ang nagpapahayag na lahat ng nakita niya ay salita ng Diyos at pagpapatotoo ni Jesus, ang Mesiyas –

³Mapalad ang gumagawa ng pagbasa at ang mga nakikinig sa mga makapropetang salitang ito at nagtatanda ng mga nasusulat dito: malapit na nga ang panahon.

• ⁴Binabati ni Juan ang pitong Iglasyang nasa probinsyang Asia: Sumainyo ang kagandahang-loob at kapayapaan buhat sa kanya na Siyang ngayon, noon at darating, buhat sa pitong espiritu nasa harapan ng kanyang trono, ⁵at buhat kay Jesus, na Mesiyas, matapat na saksi, panganay ng mga nabangon mula sa mga patay, at namumuno sa mga hari ng sangkalupaan.

• **1.1** *Malapit na ang panahon.* Isinulat ito para sa mga unang mambabasa ni Juan. Kaya nga mali ang mga naghahangad ngayong hanapin sa Pagbubunyag ang paglalarawan sa pangkasalukuyang pangyayari.

• **4.** Hinahangad ni Juan para sa kanyang mga mambabasa ang kapayapaang mula sa Ama, kay Kristo at sa Espiritu Santo. Pagkatapos banggitin ni Juan ang tatlong Persona ng Diyos, natungo na kay Kristo ang lahat ng papuri niya. Ito ang kabaguhang nagpasigla sa mga unang Kristiyano: si Kristo, ang Diyos na dumating bilang tao.

Ako na siyang ngayon, noon at darating. Pinalalawak nito ang ipinahayag kay Moises: “Ako ang Ako Nga” (Ex 3). Ang buhay na Diyos ay ang Diyos na darating.

Pagkatapos, ipinakilala si Kristo bilang ang Mesiyas at Hukom na hinihintay ng mga Judio. *Dumarating siyang nasa ulap.* Sa paglilitis sa kanya, tinukoy din ni Jesus ang tekstong ito ni Propeta Daniel (7:13).

Tatangisan ng lahat ng bansa sa lupa ang kanyang kamatayan. Tingnan ang propesiyang ito ng pinaslang na Mesiyas: *pati ng mga umulos sa kanya* sa Zac 12:10.

Alpa at Omega (A at Z). Ipinahihiwatig nito na saklaw ng Diyos ang lahat ng panahon.

Iniuukol ang Pagbubunyag sa mga Kristiyano na nagsisimulang usigin dahil sa kanilang pananampalataya, at ipinakikita niyon sa kanila si Kristo, bilang

⁶Sa kanya na umiibig sa atin at humango sa atin sa mga kasalanan sa bisa ng kanyang dugo, at gumawa sa ating maging kaharian at mga pari ng Diyos na Ama niya, –

mapasakanya nawa ang kaluwalhatian at kapangyarihan magpakailanman. Amen.

⁷Hayan, dumarating siyang nasa ulap at makikita siya ng lahat pati ng mga umulos sa kanya. At mananangis ang mga lahi ng sangkalupaan dahil sa kanya. Oo, Amen.

⁸“Ako ang *Alpa* at ang *Omega*,” sabi ng Panginoong Diyos na Siyang ngayon, noon at darating – *ang May-ari ng lahat.*

• ⁹Ipinatapon akong si Juan, na inyong kapatid at kasama sa pag-uusig at sa kaharian at sa pagtitiis dahil kay Jesus. Nasa pulong Patmos ako dahil sa salita ng Diyos at sa pagpapatotoo kay Jesus, ¹⁰nang dalhin ako ng Espiritu sa Araw ng Panginoon. At narinig ko sa likuran ang isang tinig na sinlakas ng isang trumpeta

huwaran na tinutularan nila. Si Kristo ang “lingkod at nagpapatotoo sa Diyos at sa Ama.” Huwag nating kalilimutang ang martir ay nangangahulugang nagpapatotoo.

• **9.** Hinatulan si Juan dahil sa kanyang pananampalataya at namuhay siya bilang tapon sa Patmos. Noon ay dakong taong 95.

Nagkaroon si Juan ng pangitain *sa araw ng Panginoon*, na ang ibig sabihin ay araw ng Muling Pagkabuhay: ito ang araw na tinatawag nating Linggo. Sa gayon, pinasisigla ang pangitaing ito ng matagumpay na hininga ng Muling Pagkabuhay.

May isang waring anak ng Tao. Ito ay pangitaing sumasagisag kay Kristo: nakademit-pari, at may ginintuang tali sa baywang, tulad sa hari. Simbolo ng kanyang kawalang-hanggan ang kanyang puting buhok. *Tulad ng nagbabagang tanso ang kanyang mga paa.* Ang kahulugan ay walang makayayanig sa kanya. Napakikita si Kristo tulad sa pagkataan ni Daniel sa Diyos, ang hukom ng sanlibutan (tingnan ang 7:9).

Ako ang una at ang huli. Sa mga salitang ito ipinakikilala niya na siya ang mismong Diyos. Sa Biblia, ang Diyos lamang ang nagsasalita nang ganito (tingnan ang Isaias 44:6 at 12). *Ang matalas na tabak na magkabila’y talim* ay ang salita ng Diyos na hindi mapaglalamanang tumatagos sa puso at laging

¹¹ at ang sabi: “Isulat mo sa isang aklat ang iyong nakita at ipadala sa pitong Iglesyang nasa Efeso, sa Esmirna, sa Pergamo, sa Tiatira, sa Sardis, sa Filadelpia at sa Laodikea.”

¹² Lumingon ako upang tingnan kung sino ang kausap ko at ito ang nakita ko sa paglingon: may pitong ilawang ginto ¹³ na sa gitna ay may isang waring *anak ng tao* na nakadami ng mahaba at may bigkis na ginto sa dibdib.

¹⁴ *Simputi ng lana ang kanyang ulo, kagaya ng niyebe ang kanyang buhok at parang liyab ng apoy ang kanyang mga mata,* ¹⁵ tulad ng nagbabagang tanso ang kanyang mga paa, at umuugong na *parang masaganang talon ang kanyang tinig.*

¹⁶ Nasa kanyang kanang kamay ang pitong bituin at sa bibig niya lumalabas ang matalas na tabak na magkabila’y talim. Nagniningning ang kanyang mukha, parang araw na nasa katindihan ng sikat.

¹⁷ Pagkakita sa kanya ay dumapa akong parang patay sa kanyang paanan,

natutupad sa mga pangyayari. Mabisa itong nagpapatay ng kamatayan kung paano rin nagliligtas.

Nang ihatid ni Kristo ang pitong mensahe sa mga Iglesya, napakita siya, hindi bilang isang lalaki sa nakaraang panahon, sa halip ay ang Panginoon na naghahawak sa kanyang kamay ng kapalaran ng mga simbahan.

Mahigit sa pito ang mga Iglesya sa Romanong lalawigan ng Asia. Ngunit ang pito ay sagisag ng kabuuan kaya kumakatawan ang pitong Iglesya sa lahat ng pamayanang Kristiyano. Ang pito ang ganap na bilang, at ito ang dahilan kung bakit sa aklat ng Pagbubunyag, binanggit na pitong ulit ang pangalan ni Kristo, labing-apat na ulit ang *Jesus* at dalawampu’t walong ulit ang *Kordero* (na si Kristo rin). May pitong propesiya ng tagumpay ni Kristo kasama ng kanyang bayan at pitong beses na sinasabi na “Mapapalad” ang mga sumusunod kay Kristo, tulad ng nasa Ebanghelyo: “Mapapalad ang...”

Ang mga bituin, ang mga anghel at ang ilawan: ang tatlong larawang ito ay maaaring magpahiwatig na magkakasama ang isang simbahan, ang mga obispo nito at ang mga mananampalataya.

• **2.1** Ang pitong sumusunod na mensahe ay pawang nagsisimula sa mga katagang *alam ko*. Nakikita, nakikilala at iniibig ni Kristo ang kanyang

ngunit ipinatong niya sa akin ang kanang kamay at sinabi: “Huwag kang matakot. Ako ang Una at ang Huli. ¹⁸ Ako ang Nabubuhay. Namatay ako at ngayo’y buhay magpakailanman at nasa akin ang mga susi ng kamatayan at ng daigdig sa ilalim. ¹⁹ Isulat mo ang nakita mo – ang ngayon at ang darating pa. ²⁰ Ano ang lihim na kahulugan ng pitong bituing nasa kanang kamay ko at ng pitong ilawang ginto? Mga anghel ng pitong Iglesya ang pitong bituin at pitong Iglesya naman ang pitong ilawan.

Ang pitong mensahe sa mga Iglesya

2 • ¹ Isulat mo sa anghel ng Iglesya sa Efeso: “Ito ang sinasabi ng kumikilos sa gitna ng pitong ilawan at may hawak sa pitong bituin sa kanang kamay:

• ² Alam ko ang iyong mga gawa, ang iyong pagpapagod at pagbabata. Hindi mo nga matiis ang mga masama, kaya sinubok mo ang mga nagpapanggap na mga apostol (ngunit hindi totoo), at na-

Iglesya. Nagbibigay-diin muna siya sa anumang mabuti, at pagkatapos ay saka siya mahigpit na nangangaral. Nananatiling hindi nakikita si Kristo, ngunit siya ang Panginoon ng sanlibutan at ng kasaysayan.

Inilalantad ng mga mensahe ang mga balakid na kinakaharap ng mga simbahan ng Asia:

– Sa isang dako, may mga pakikipaglaban buhat sa mga Judio, gayundin sa mga pagano: iyon ang pagsubok sa tiyaga ng mga Kristiyano.

– Sa kabilang dako, mayroon ding mga “Nicolaita” – mga Kristiyano, na sapagkat ayaw mapahiwalay sa mga pagano, ay nakikilahok sa mga iyon sa mga handaan sa templong pagano at doon kumakain ng karne ng hayop na inihandog sa mga diyus-diyusan: panganib ito sa paniniwala.

– Ang huling tukso ay ang dumarating sa paglipas ng panahon: nanlalamig na ang pag-ibig na nagising sa mga unang sandali ng pananampalataya.

• **2.** Nauna ang Efeso yamang iyon ang inang Iglesya. Nangaral doon si Pablo sa loob ng dalawang taon (Gawa 19:8). Nang lumaon, dumating si Juan upang doon manirahan, at sa gayon, ay pinalawak ang kanyang kapangyarihan sa mga simbahan sa mga lalawigan ng Asia.

Alam ko ang iyong pagpapagod at pagbabata. Habang wala ang apostol, hindi tinanggap ng pama-

tuklasan mo silang sinungaling. ³Matiisin ka; pinahirapan ka dahil sa aking pangalan at hindi ka nanlupaypay. ⁴Ngunit mayroon akong maisisisi sa iyo: pinabayaan mo ang iyong unang pag-ibig. ⁵Tandaan mo kung saan ka nahulog; magbago upang magawa ang unang mga gawa mo. Kung hindi, pariryan ako, at aalisin ko ang iyong ilawan mula sa lugar nito; gagawin ko iyon kung hindi ka magbabago. ⁶Gayunman taglay mo ito: Kinasusuklamang mo ang pamumuhay ng mga Nicolaita katulad ng aking pagkasuklam. ⁷Makinig ang may tainga sa sinasabi ng Espiritu sa mga Iglesia: Ang magtatagumpay ay pakakanin ko mula sa punungkahoy ng buhay na nasa paraiso ng Diyos.

• ⁸Isulat mo sa anghel ng Iglesia sa Esmirna: Ito ang sinasabi ng Una at Huli, na namatay at saka nabuhay:

⁹Alam ko ang kahirapan mo at ang iyong karalitaan (ngunit mayaman ka talaga) at ang mga pag-insulto ng mga nagpapanggap na Judio – ngunit hindi sila

yanan ang mga huwad na propeta at pinangalagaan ang tunay na pananampalataya.

Pinabayaan mo ang iyong unang pag-ibig. Maraming bagay-bagay na napakahirap tumbukin – ang nagpapadama sa atin ng maalab na damdamin ng isang pamayanan, o sa kabaligtaran nito ay nagpapakita na wala ang diwa ng tunay, mainit at matapat na pag-ibig ng Diyos! *Aalisin ko ang inyong ilawan:* parurusahan ko ang inyong mga pinuno.

Ang puno ng buhay ay buhay na walang-hanggan (tingnan ang Gen 2:9).

• 8. Tinitipon ng pamayanan ng Smyrna ang mga dukhang mamamayan sa isang napakayamang lungsod. Ang totoo, mayaman iyon sa mata ng Diyos na susubukin sila upang maging lalong maunlad.

Magkakaroon ng sampung araw na pagsubok. Ang bilang na sampu ay katumbas ng panahong itatagal ng kapangyarihan ng kasamaan. Sa gayon, inihahayag ang isang pagsubok na tatagal nang maikling panahon.

Ang pangalawang kamatayan. (Tingnan ang Pagbubunyag 20:14.) Ito ang walang-hanggan hatol, na naghiiwalay sa kaluluwa, hindi sa katawan kundi sa Diyos.

Ang mga nagpapanggap na Judio. Dahil mananampalataya ang mga Kristiyano, sila ay mga tunay na anak ni Abraham at mga tunay na Judio.

Judio kundi sinagoga ni Satanas. ¹⁰Huwag kang matakot sa sasapit na mga tiisin sapagkat ipabilanggo ng diyablo ang ilan sa inyo upang subukin: sampung araw kayong pahihirapan. Manatili kang matapat hanggang sa kamatayan at gagantimpalaan kita ng buhay. ¹¹Makinig ang may tainga sa sinasabi ng Espiritu sa mga Iglesia: Ang magtatagumpay ay hindi na mapipinsala ng ikalawang kamatayan.

• ¹²Isulat mo sa anghel ng Iglesia sa Pergamo: Ito ang sinasabi ng may matalas na tabak na magkabila'y talim:

¹³“Alam kong naninirahan ka sa kinaroroonan ng trono ni Satanas. Ngunit matatag kang nangangapit sa aking pangalan at hindi mo itinakwil ang paniniwala mo nang patayin sa inyo si Antipas na matapat kong saksi na pinatay kung saan naninirahan si Satanas. ¹⁴Gayunman, mayroon akong kaunting maisisisi sa iyo: may ilan sa iyo na umaayon sa aral ni Balaam. Siya ang nagturo kay Balak kung paanong tisurin ang mga Israelita,

Ang mga may-lahing Judio at hindi sumampalataya ay nawawalan ng karapatang ipagmalaki ang pangalang iyon. Kung gayon, ang kanilang “sinagoga,” na ang ibig sabihin ay ang kanilang kapulungan, ay nagiging kapulungan ni Satanas, dahil sa paglaban nila sa Iglesia.

• 12. Katangian ng Pergamo na maging mahalagang sentro ng pagsambang pagano: iyon ang “trono ni Satanas.”

Matapat kang nangangapit sa aking pangalan. Ang pangalan ni Kristo ay “Panginoon.” Ito ang panahon nang ipinatatawag ng mga Emperador na Romano ang kanilang sarili na “Panginoon” at nagpapasambang tulad sa diyos, at sa gayon ay napipilitan ang mga Kristiyano na pumili sa pagsambang emperador, na ipinataw sa bawat isa sa ilalim ng kirot ng masidhing kaparusahan, o sa katapatan kay Kristo.

Nagkapalad ang Iglesia sa Pergamo na mapabilang sa mga unang kasapi nito ang unang martir ng lalawigan, si Antipas, na binabanggit dito. Gayunman pumapasok sa Iglesia ang paganong agos sa pamamagitan ng mga Nicolaita na nabanggit na: nakilahok sila sa mga seremonyang pagano at nagbalik sa kalayaang sekswal ng mga pagano, kaya naging banta sila sa pagkawasak ng Iglesia.

kaya kumain sila ng mga inihain sa mga idolo at ipinagbili nila ang kanilang sarili.

¹⁵Nasasainyo rin ang mga umaayon sa aral ng mga Nicolaita. ¹⁶Kaya magbago ka; kung hindi, pariryan ako agad upang lusubin ang mga taong iyon sa pamamagitan ng tabak sa aking bibig. ¹⁷Makinig ang may pandinig sa sinasabi ng Espiritu sa mga Iglesya: Ang magtatagumpay ay bibigyan ko ng nalilingid na manna. Bibigyan ko rin siya ng puting batong may nakasulat na bagong pangalan na walang makaaalam kundi ang tumanggap.

• ¹⁸Isulat mo sa anghel ng Iglesya sa Tiatira: “Ito ang sinasabi ng Anak ng Diyos na may matang parang nagliliyab na apoy at paang parang nagbabagang tanso: ¹⁹Alam ko ang iyong mga gawa, ang iyong pag-ibig, pananampalataya, paglilingkod, pagtitis, at ang iyong mga huling gawa na mas dakila kaysa nauuna.

²⁰Ngunit mayroon akong maisisisi sa iyo: Pinababayaang mo ang iyong babaeng si Izebel na nagkukunwaring propeta at nangangaral siya at naglilihis sa aking mga lingkod na inaakit niyang magbili ng sarili at kumain ng mga inihain sa mga diyus-diyusan. ²¹Binigyan ko siya ng panahong makapagsisi ngunit ayaw niyang magsisi sa kanyang pakikiapid.

Pariryan ako agad upang lusubin ang mga taong ito. Sa unang Iglesya, nararamdaman sa lahat ng sandali ang pagkilos ng Espiritu Santo. Nagsasalita ang mga propeta, itinuturo ang mga makasalanan, at hindi naglalaon ay nagaganap ang mga kapahamakan.

Sagisag ng kaligayahan ang *puting bato*. Ang *bagong pangalan* (tingnan ang Isaias 65:15) ay nangangahulugan ng pagbabago ng kalooban ng Kristiyano: ang pamumuhay at pag-unlad sa pananampalataya ang simula ng isang bagong pagkatao na malinaw na makikita sa langit. Ang *natatagong manna* (17). Naging lakas si Kristo at pinagmumulan ng buhay (Jn 6:48) ng mga matapat sa kanya.

• 18. Sa Biblia, ang Izebel ay pangalan ng isang babaeng hindi maka-Diyos (tingnan ang 1 H 19), at dito ay tinutukoy ang kung sinong propetisang Nicolaita. Ang kanyang tagasunod ang kanyang mga *mangingibig at mga anak*.

²²Kaya malapit ko na siyang ilugmok sa highaan at pahirapang kasama ng mga nakikiapid sa kanya kapag hindi sila tumalikod sa kanyang mga gawa. ²³At papatayin ko ang kanyang mga anak upang malaman ng lahat ng Iglesya na ako ang sumusuri sa mga damdamin at isipan at binabayaran ko ang bawat isa sa inyo ayon sa inyong mga gawain.

²⁴Hindi ko binabantaan kayong mga taga-Tiatira na hindi umaayon sa aral na ito at hindi nakatikim sa mga “kailaliman” ayon sa sinasabi nila, na siyang kailaliman ni Satanas. ²⁵Manghawak lamang kayo sa taglay na ninyo hanggang sa aking pagdating. ²⁶Ang magtatagumpay na nakagaganap sa aking mga gawa hanggang sa wakas, *ay bibigyan ko ng kapangyarihan sa mga bansa; ²⁷papastulin niya sila nang may tungkod na bakal at dudurugin sila na parang palayok* ²⁸gaya ng ipinagkatiwala sa akin ng Ama ko. At bibigyan ko siya ng tala sa umaga.

²⁹Makinig ang may tainga sa sinasabi ng Espiritu sa mga Iglesya.

3 • ¹Isulat mo sa anghel ng Iglesya sa Sardis: “Ito ang sinasabi ng mayroong pitong espiritu ng Diyos at pitong bituin:

Alam ko ang iyong mga gawa. Tinata-

Gayundin naman tinatawag na *pakikiapid* o *kahalayan* ang pagsamba sa mga huwad na diyos: naitalaga sa Diyos ang mananampalatayang bayan tulad ng isang maybahay sa kanyang kabiyak, at paghalay na rin sa sarili ang pagsamba sa ibang diyos. Sa katotohanan, ang mga sumasamba sa mga huwad na diyos ay karaniwang hindi gumagalang sa disiplinang sekswal na itinatakda ng pananampalataya. Kaya nga, kapag binabanggit ang kahalayan, kailangang maunawaan natin ito bilang parehong pagsamba sa mga huwad na diyos at imoralidad na sekswal.

Papastulin niya sila nang may tungkod na bakal. Pinangangakuan ang magtatagumpay ng isang bahagi sa tagumpay ni Kristo (tingnan ang Salmo 2); tatanggapin niya ang *Tala sa Umaga*, na si Kristo mismo (tingnan ang Pag 22:16).

• **3.1** Isang maikling mensahe sa isang naghihinga-

wag ka na buhay, pero patay ka. ²Gumising ka at patibayin mo ang mga nalabing malapit nang mamatay. Hindi ko nga nakita na ganap sa paningin ng Diyos ang iyong mga gawa. ³Tandaan mo kung paano kang tumanggap at nakarinig; tumupad ka at magbago. Kung hindi ka magbabantay, darating akong parang magnanakaw sa oras na hindi mo inaasahan. ⁴Gayunman, mayroon kayong ilang tao sa Sardis na hindi narumhan ang damit; sasama sila sa akin, na may damit na puting marapat sa kanila. ⁵Daramtan ng puti ang magtatagumpay at di ko burahin kailanman ang kanyang pangalan sa aklat ng buhay; at kikilanlin ko rin ang kanyang pangalan sa harap ng aking Ama at ng kanyang mga anghel.

⁶Makinig ang may pandinig sa sinasabi ng Espiritu sa mga Iglesya.

• ⁷Isulat mo sa anghel ng Iglesya sa Filadelpia: “Ito ang sinasabi ng Banal at Totoo, na naghahawak ng susi ni David, kaya walang makapagsasara kapag binuksan niya at walang makapagbubukas pag sinarhan niya.

⁸Alam ko ang iyong mga gawa. Pinabuksan ko sa harap mo ang isang pintong walang makapagsara. Sapagkat iningatan mo ang aking Salita at hindi mo itinatwa ang aking pangalan sa kabila ng kawalan mo ng kakayahan. ⁹Kaya malapit ko nang ibigay sa iyo ang

ilang mga nasa sinagoga ni Satanas na nagpapanggap na mga Judio at hindi totoo: Kasinungalingan ito. Ngunit palalapitin ko sila sa iyo at magpapatirapa sila sa paanan mo at aaminin nila na iniibig kita. ¹⁰Iningatan mo ang aking salitang nagtatagubilin ng pagtitiis, kaya iingatan din kita sa oras ng pagsubok na darating sa sanlibutan upang subukin ang mga naninirahan sa sangkalupaan. ¹¹Darating agad ako. Ingatan mo ang nasa iyo at baka maagawan ka ng iyong gantimpala.

¹²Ang magtatagumpay ay gagawin kong haligi sa santuwaryo ng aking Diyos at hindi na paaalisin doon. Isusulat ko sa kanya ang pangalan ng aking Diyos kasama ang pangalan ng lunsod ng aking Diyos – ang bagong Jerusalem na ibinababa ng Diyos mula sa langit – at isusulat ko rin ang aking bagong pangalan.

¹³Makinig ang may pandinig sa sinasabi ng Espiritu sa mga Iglesya.

• ¹⁴Isulat mo sa anghel ng Iglesya sa Laodicea: “Ito ang sinasabi ng Amen, ang matapat at tunay na saksi, ang kamulamulan ng sangnilalang ng Diyos.

¹⁵Alam ko ang iyong mga gawa. Hindi ka malamig ni mainit man. Higit na mabuti kung malamig o mainit ka. ¹⁶Ngunit maligamgam ka at hindi malamig ni mainit, kaya isusuka kita sa aking bibig. ¹⁷Sinasabi mo: Mayaman

long simbahan. Pinangakuang mananatili ang pangkalahatang Iglesya. Gayunman, maaaring maglaho kahit alinmang pamayanan.

Ang Pitong Espiritu ay nangangahulugan ng kaganapan ng Espiritu ng Diyos.

Daramtan ng puti – nangangahulugan ito ng panloob na buhay: pinupuspos ni Kristo (tingnan ang Ef 4:24). Sa buong aklat ng Pagbubunyag, ang *puti* ay nangangahulugan ng galak, lakas, tagumpay at walang-hanggang luwalhati.

• 7. Ito ay mensahe ng kaaliwan at pag-asa sa mga matapat na gumagawang kasama ng Espiritu Santo, ngunit nililigalig ng sanlibong balakid sa kanilang paglilingkod.

Siya na naghahawak ng susi ni David (tingnan ang

Isaias 22:22). May ganap na kapangyarihan si Kristo sa “bahay ni David,” na ang kanyang bayan. Naghahanda siya ng mabungang paglilingkod para sa mga nakapagtiyaga sa panahon ng paghihirap at hindi pa nakikita ang bunga ng kanilang pagpapagod.

Pinabuksan ko sa harap mo ang isang pinto (8): nakapagtanda na ako ng isang matagumpay na paglilingkod. May isang pasubali: pag-iingat sa Salita ng Diyos at pananatiling sumasampalataya sa kanya.

• 14. *Hindi malamig, hindi mainit*. Hindi mga taong di-interesado sa isang paniniwalang hindi sila nakikibahagi, at hindi rin mananampalatayang marubdob na tinatanggap ang pag-ibig ng Diyos at may ganap na pagsuko. Madali nating mailalarawan sa isip ang isang pamayanang iyon ng mga kasiya-siya at

ako; yumaman ako at wala na akong kulang. Ngunit hindi mo napapansing ikaw ay maralita, aba, dukha, bulag at hubad.

¹⁸ Kaya ipinapayo kong bumili ka sa akin ng gintong nadalisay sa apoy upang yumaman, at mapuputing damit upang isuot at nang hindi na makita ang nakakahiyang kahubaran mo. Bumili ka rin sa akin ng gamot upang pahiran ang iyong mga mata para makakita ka. ¹⁹ Pinagsasabihan ko at itinutuwid ang

mga minamahal ko; magsikap ka nga at magsisi. ²⁰ Nasa pintuan na ako at kumakatok; kung may makarinig sa aking tinig at magbukas, papasok ako sa kanya at magsasalo kami sa hapunan – ako sa kanya, at siya rin sa akin. ²¹ Ang magtatagumpay ay pagbibigyan kong makaupo kasama ko sa aking luklukan, gaya ng pagtatagumpay ko at pagluklok na kasama ng aking Ama. ²² Makinig ang may pandinig sa sinasabi ng Espiritu sa mga Iglesya.

ISANG PAGTANAW SA NAKARAAN: SI KRISTO AT ANG ISRAEL

Ang luklukan sa langit

4 • ¹ Pagkaraan ay tumingin ako. May pintuang nabuksan sa langit at nagsalita ang tinig na narinig ko noong una na sinlakas ng trumpeta. At sinabi sa akin: Pumanhik ka rito at ipakikita ko sa iyo ang mga magaganap pa. ² Kaagad akong dinala ng Espiritu. Narito sa langit ang isang trono at may nakaupo roong Isa na nagtataglay ³ ng ningning ng batong haspe at sardonise. Naliligid ang trono ng isang bahagharing sinluningning ng esmeralda.

⁴ May dalawampu't apat na luklukan sa palibot ng trono at dalawampu't apat na matanda ang nakaupo sa mga luklukan. Nakadamit sila ng puti at mga koronang ginto ang nasa ulo nila. ⁵ May kidlat at ingay at kulog na nagmumula sa trono at sa harap ng trono ay may pitong nagliliyab na ilawan: ang mga ito ang pitong espiritu ng Diyos. ⁶ Sa harap ng trono ay may waring lawa na sinlinaw ng kristal.

Sa lugar sa pagitan ng trono at ng pali-giran nito ay may apat na nilalang na buhay na lipos ng mata ang harap at

maginhawang mga tao. Isa pa silang grupong relihiyoso, ngunit hindi mga tagapagpatotoo kay Kristong matagumpay.

May tubig na malamig at mainit sa Laodicea. Nagawa rin sa nasabing lunsod ang isang panghugas sa mata na napabantog dahil nakapagpapalinaw ng paningin.

Amen: ang ibig sabihin nito ay “totoo” o kaya: “pananagutan ko ito.” Si Kristo ang Amen ng Ama. Pagtupad sa mga pangako ng Ama ang pagtubos ni Kristo (tingnan ang 2 Cor 1:20). At sapagkat si Kristo ang Amen, tinatawag niya tayo upang maisakatuparan ang mga plano ng Diyos.

• **4.1** *Pagkatapos ng mga mensaheng ito sa mga Iglesya ng lalawigan ng Asia, mayroon tayong mga pangitaing nagtataglay ng mga kahulugan ng kasaysayan.*

– Sa mga kabanatang 4-11, inilalarawan ni Juan ang kasaysayan ng Israel hanggang sa pagpapalaganap ng Ebanghelyo.

– Sa mga kabanatang 12-21, ipinaunawa niya sa

atin ang kasaysayang isinasabuhay, at ang mga pakikipagtunggali ng Iglesya.

Kailangang malaman muna natin ang ating patutunguhan at kung bakit tayo nagpupunyagi. Hindi maglalaon ang mga walang-tiyak na layunin at itataboy sila ng nanlalabang agos. Kaya nga, bago ibigay ang mga pangitain sa kasaysayan, ipinakita sa atin ni Juan ang dinatitina na sentro na pinagmumulan ng mga bagay-bagay at pangyayari na babalikan din ng mga ito.

May pintuang nabuksan sa langit (1). Akala ng mga naniniwala nang panahong iyon, na sa ibabaw ng bubong ng langit ay may “mga tubig na nasa itaas,” na sahig ng isa pang langit, na ang tunay na tirahan ng Diyos.

Narito sa langit ang isang trono, at may nakaupo roon. Ang di-nakikitang lito ang pinagmumulan ng liwanag at buhay. Siya na bukal ng pagka-Diyos ay ang Ama. Hindi mailalarawan ang kanyang mukha, ngunit natitipon dito ang lahat ng iba't ibang sangkap ng kalikasan upang ipahayag ang anumang bagay tungkol sa pagka-Diyos: ang nagngangalit na lakas ng bagyo,

likod. ⁷Kamukha ng leon ang unang nilalang na buhay, kamukha ng baka ang ikalawa, may mukhang tao ang ikatlo, at katulad ng lumilipad na agila ang ikaapat na nilalang na buhay. ⁸May tig-anim na pakpak ang apat na nilalang na buhay na lipos ng mata sa harap at sa likod. At walang tigil sila, araw-gabi, sa pagsasabi:

*“Banal, banal, banal si Panginoon,
ang Diyos na may-ari ng lahat,
ang noon, ang ngayon at ang darating*

⁹Tuwing paulit-ulit na nagbibigay ang mga nilalang na buhay ng kaluwalhatian at dangal at pagpapasalamat sa nakaupo sa trono – sa kanya na nabubuhay magpakailanman, nagpapatirapa ang dalawampu't apat na matanda sa harap ng nakaupo sa trono. Sumasamba sila sa kanya na nabubuhay magpakailanman at inilalapag nila ang kanilang mga korona sa harapan ng trono, at ang sabi nila:

¹¹*“Panginoong aming Diyos, karapat-dapat kang tumanggap ng kaluwalhatian, dangal at kapangyarihan!*

ang nakahahalinang kapangyarihan ng apoy, ang kadalisayan at kasariwaan ng tubig.

Ang mga *matatanda* ay ang mga santo ng Matandang Tipan na kumakatawan sa banal na bayan (tingnan ang Is 24:23). Tumutukoy sa mga anghel *ang apat na nilalang na buhay*. Ipinahahayag ng matulaing mga larawan na iyon ang pinakadakila, pinakamalakas, pinakamarunong at pinakamabilis. Ang kanilang mga mata, na laging handa, ay nakatuon sa buod ng pagka-Diyos at ikinakalat nila ang mga enerhiya ng Diyos sa buong sanlibutan (tingnan ang Ez 1).

Walang tigil sila sa pagsasabi: “Banal, Banal, Banal” (8). Ito ang una sa mga imno na natatagpuan sa Pagbubunyag. Sa sentro na kinaroroonan ng Diyos at pinagmumulan ng lahat ng bagay, titipunin din at babalik ang lahat sa Ama nang may pasasalamat pagkatapos lamang ng buhay ng mga taong mortal. Ano ang ating gagawin sa langit? Wala roon kundi paghanga, pagpupuri at kagila-gilalas na pagkatuklas sa kawalang-hanggan ng Diyos.

Inilarawan dito ni Juan ang kahiwagaan ng Diyos, sa mga larawan mula sa Isaias 6 at Ezekiel 1. At tungkol sa apat na hayop, ginamit ito ng sining Kristiyano upang katawanin ang apat na ebanghelista o mangangaral: si Mateo, bilang tao; si Marcos, ang leon; si Lucas, ang toro; at si Juan, ang agila.

Sapagkat nilikha mo ang lahat
at sa iyong kalooban nayari sila at pinairal.”

Ang pagdating ng kordero

5 ¹At nakita ko ang isang rolyong nasa kanang kamay ng nakaupo sa trono. May sulat sa loob at sa labas nito at nakadikit dito ang pitong tatak na panara. ²At nakita ko ang isang anghel na malakas na sumigaw: “Sino ang karapat-dapat magbukas ng rolyo at kalagin ang mga panarang tatak?”

³Ngunit maging sa mga nasa langit o nasa lupa o nasa ilalim ng lupa, walang maaaring makapagbukas at makabasa sa rolyo. ⁴Kaya labis akong umiyak dahil walang karapat-dapat na magbukas at bumasa sa rolyo. ⁵At sinabi sa akin ng isa sa matatanda: “Huwag kang umiyak. Nagtagumpay na ang leon ng tribu ng Juda, ang supling ni David: siya ang makapagbubukas ng rolyo at ng pitong tatak nito.

⁶At sa pagitan ng tronong may apat na

• **5.1** Patuloy ang pangitain, na may dalawang bagong larawan: *ang rolyo na may pitong tatak na panara at ang Kordero*: ang kasaysayan ng Israel (na mababasa sa Biblia) at si Kristo.

May aklat ang mga mambabasa ni Juan, ang Matandang Tipan. Sa mga nagmula sa lahing Judio, iyon ang kasaysayan ng kanilang bayan. Ngunit iyon din (kasama ang Bagong Tipan) ang aklat ng iba pang Kristiyano, at sa ilang pamamaraan, ay taglay din ang pangkalahatang kasaysayan, yamang sa kasaysayang ito, natutupad ang pagtubos sa buong sanlibutan.

Nawasak na ang bansang Judio dalawampung taon na ang nakararaan, batay sa propesiya ni Jesus (Mc 13), at itinatanong sa sarili ng mga Kristiyano mula sa lahing Judio: Kung si Kristo ang ipinangakong Manunubos, bakit nagwakas sa gayong kalagiman ang kasaysayan ng Israel? At bakit ang bayang Judio, na tinuruan ng Biblia, ay hindi kumilala sa kanilang Manunubos?

Dito, sinasabi sa atin, na bagamat nasa Aklat ang mga pangyayari, *selyado* pa ang Aklat. *Walang natagpuang* sinuman na nakaunawa sa plano ng Diyos para sa kanyang bayan, o nakapagtanong kaya sa Diyos kung bakit. Tanging si Kristo ang nagsiwalat ng hiwaga ng kamatayan at muling pagkabuhay na nagaganap sa kasaysayan, at siya ang tanging makagagawa niyon, sapagkat siya mismo ang sumuko sa

buhay na nilalang at ng dalawampu't apat na matatanda, nakita kong nakatayo ang isang Kordero na waring ginilitan ng leeg. Mayroon siyang pitong sungay at pitong mata - ang mga espiritu ng Diyos na sinusugo sa buong sangkalupaan.

⁷Lumapit siya at kinuha niya ang rolyo mula sa kanang kamay ng nakaupo sa trono. ⁸Nang makuha na niya ang rolyo, nagpatirapa ang apat na nilalang na buhay at ang dalawampu't apat na matatanda sa harap ng Kordero. Lahat sila'y may dalang lira at mga gintong kopang puno ng insenso, na siyang mga panalangin ng mga banal.

⁹At ito ang bagong awit na inaawit nila:

*Karapat-dapat ka na tumanggap sa rolyo
magbukas ng mga tatak nito
sapagkat pinatay ka
at sa iyong dugo binili mo para sa Diyos
ang mga taong mula sa lahat ng lahi,
wika, bayan at bansa.*

¹⁰*Ginawa mo silang isang kaharian at mga pari sa aming Diyos,
at maghahari sila sa sangkalupaan.*

¹¹Patuloy akong tumingin at narinig ko ang tinig ng maraming anghel na nakapaligid sa trono, sa mga nilalang na buhay at sa matatanda. Laksa-laksa at

libu-libo ang kanilang bilang, ¹²at sumisigaw sila nang malakas:

*“Ang korderong pinatay ay karapat-dapat tumanggap
ng kapangyarihan at kayamanan,
karunungan at lakas,
karangalan, kaluwalhatian at pag-pupuri.”*

¹³At narinig ko ang tinig ng tanang nilalang sa langit, sa lupa at sa ilalim ng lupa:

*Sa kanya na nakaupo sa trono, at sa Kordero
papuri, karangalan, kaluwalhatian at kapangyarihan,
magpasawalang-hanggan.*

¹⁴At sumagot ng “Amen” ang apat na nilalang na buhay at nagpapatirapa naman at sumasamba ang matatanda.

Ang pitong tatak

6 ¹Nakita ko ang pagbubukas ng Kordero sa unang tatak at narinig ang una sa apat na nilalang na buhay na nagsabi: “Halika!” ²Lumitaw ang isang puting kabayo. Hawak ng nakasakay sa kanya ang isang busog at binigyan siya ng isang korona. Kaya lumabas siyang nagtatagumpay para magtagumpay.

³Pagkabukas sa ikalawang tatak, narinig kong nagsalita ang ikalawang

kamatayan para sa *lahat: karapat-dapat ka na tumanggap sa rolyo* (9).

Nababasa ni Kristo ang Aklat ng kasaysayan at kapalaran ng tao (*kapangyarihan, kayamanan, karunungan*: b. 12). Siya ngayon ang may-ari ng Aklat na ito, at sa hindi pagkakatanggap sa kanya ng Israel, isang bayang makapari (Ez 19:5), binuo niya ang sariling *kaharian at mga pari*, ang Iglesya (1 P 2:9), tulad sa isinasaad sa b. 10.

Nakatayo ang isang Kordero, na waring ginilitan ng leeg (6). Dinadala tayo ng pangitain sa sandali ng muling pagkabuhay. Samantalang isinasalaysay sa mga Ebanghelyo ang muling pagkabuhay ni Jesus sa paraang natuklasan ng mga disipulo sa lupa, narito tayo ngayon sa langit upang saksihan ang pagpasok ng buhay na Kristo sa isang daigdig ng luwalhati. Nakatindig siya pagkatapos na ihandog, maluwalhati,

ngunit tinatakan nang walang-hanggan ng paghihirap sa piling ng mga tao.

Ipinahahayag ng pitong sungay at pitong mata ang lubos na kapangyarihan at ang karunungan ng Nabuhay na Kristo. Sa harap ng lahat ng kapangyarihan sa lupa at sa langit, nang araw na iyon, lumalapit siyang may kapangyarihan para kunin ang Aklat mula sa kamay ng Ama.

Bigyang-pansin natin kung paanong sa araw ng Muling Pagkabuhay, iniuukol sa Kordero ang papuring dating iniuukol sa Diyos: pagtaas ni Kristo, napakita siya sa gitna ng luwalhati na karapat-dapat sa kanya: ang sa Diyos.

• **6.1** Binuksan ng Kordero ang mga tatak. Ipinaliliwanag ng Nabuhay na Kristo ang mga dakilang lakas na nagbigay-daan sa banal na kasaysayan. Sa

buhay na nilalang: “Halika!”⁴ At lumitaw ang isang kabayong pula. Ang sakay niyon ay binigyan ng kapangyarihang mag-alis ng kapayapaan sa lupa upang magpatayan ang bawat isa; binigyan din siya ng isang malaking tabak.

⁵Pagkabukas sa ikatlong tatak, narinig kong sinabi ng ikatlong buhay: “Halika!”

⁴Kaya lumitaw ang isang kabayong itim; may hawak na timbangan ang sakay niyon. ⁶At narinig buhat sa gitna ng apat na nilalang na buhay: “Isang takal na trigo sa isang pirasong pilak at tatlong takal na sebada sa isa ring pirasong pilak. Itatago naman ang langis at alak.”

⁷Pagkabukas sa ikaapat na tatak, narinig kong nagsabi ang ikaapat na buhay na nilalang: “Halika!” ⁸Lumitaw ang isang maputlang berdeng kabayo; nakasakay doon ang tinatawag na Kama-tayan, at kasunod sa kanyang likuran ang Daigdig ng mga patay. Binigyan sila ng kapangyarihang lumipol sa ikaapat na bahagi ng mga nasa lupa, sa pamamagitan ng tabak, gutom, salot at mababangis na hayop.

⁹Pagkabukas sa ikalimang tatak, nakita ko sa ilalim ng altar ang mga kaluluwa ng mga pinatay dahil sa salita ng Diyos at sa kanilang pagpapatotoo. ¹⁰At sumisigaw sila nang malakas: “O, Banal at tunay na Panginoon, kailan mo pa igagawad ang katarungan at ipaghihi-

panahon ng pagsusulat ni Juan, natapos na ang Matandang Tipan sapagkat isinilang na ang Iglesya at hindi nagtagal pagkatapos niyon ang pagkawasak ng bayang Judio. Ito ang sandali upang pag-isipan ang mga bagay-bagay.

Sinasagisag ng apat na kabayo ang mga lakas na humuhubog sa kasaysayang biblikal.

Ang nakasakay sa kabayong puti ay ang “salita ng Diyos.” Sinasagisag niyon ang mga salita ng Diyos na ipinagkatiwala sa mga propeta sa Matandang Tipan. Hindi pa dumarating si Kristo, na *salita* ng Diyos; saka siya darating, sakay ng parehong puting kabayo (Pag 19:11).

Ang tatlo pang kabayo ay kumakatawan sa digmaan, gutom at salot. Ito ang malulubhang salot na lumiligalig sa mga makasalanang: dahil dito ay naranasan nila ang mangailangan sa pagtubos ng Diyos.

ganti ang aming dugo sa mga taong nani-nirahan sa lupa?” ¹¹Binigyan ang bawat isa sa kanila ng maputing damit, at hiniling silang maghintay ng kaunting panahon pa hanggang sa mahusto ang bilang ng kanilang mga kapatid na maglilingkod pa at papatayin ding tulad nila.

¹²Patuloy akong tumingin. Nang buksan ang ikaanim na tatak, lumindol nang malakas. Umitim ang araw na gaya ng damit na panluksa at naging simpula ng dugo ang buwan. ¹³Nahulog sa lupa ang mga tala sa langit, gaya ng mga lantang bunga ng isang punong inuuga ng malakas na hangin. ¹⁴Inalis ang langit na gaya ng paglulon sa isang rolyo at nagalaw ang mga bundok at pulo sa kani-kanilang kinaroroonan. ¹⁵Kaya tumakas ang lahat ng mga hari sa lupa, ang maha-halagang tao, heneral, mayaman at malakas; maging alipin o malaya, ang lahat ay nagtago sa mga yungib at mga talampas sa bundok. ¹⁶At *sabi nila sa mga bundok at batuhan: mabuwal nawa kayo at kami’y itago sa paningin ng nakaupo sa trono ng Kordero.* ¹⁷Sapagkat sumapit ang dakilang araw ng matinding galit niya at sino ang makatatayo sa harap niyon?

144,000 buhat sa Israel at ang makapal na pulutong mula sa lahat ng bansa

7 • ¹Pagkaraan nito, nakita ko ang apat na anghel na nakatayo sa apat

Sa *ikalimang tatak*, nabubunyag ang isa pang hindi nakikitang kapangyarihang nagpapagalaw sa banal na kasaysayan: ang pangangailangan ng katarungan para sa dugo ng mga martir. Ang mga martir na ito, bago pa kay Kristo, ay nakikihati na sa kanyang tagumpay (kaya sila nakabihis ng *kasuotang puti*); gayunman ay kinailangan nilang maghintay sa iba pang martir, ang mga Kristiyano, na mga martir ng unang Iglesya, upang ilapit ng Diyos ang katarungan (tingnan ang Mt 23:35).

Sa *ikaanim na tatak*, lumilitaw ang mga babala at salot na ipinahayag ng mga propeta para sa Araw ng Panginoon, na matutupad sa pagkawasak ng Jerusalem (Mc 13:24).

• **7.1** *Huwag munang pinsalain ang lupa hanggang hindi pa natatakan ang mga lingkod ng Diyos (3).* Sa huling sandaling ito, bago isara ang

na sulok ng lupa; pinipigilan nila ang apat na hangin ng lupa upang huwag munang humangin sa lupa, sa dagat o sa alinmang punungkahoy. ² Nakita ko rin ang isa pang anghel na pumaitaas mula sa silanganan. Dala niya ang isang tatak ng Diyos na buhay, at sumigaw siya nang malakas sa apat na anghel na binigyan ng kapang-yarihang maminsala sa lupa at sa dagat. ³ At sinabi niya: “Huwag muna ninyong pinsalain ang lupa, ang dagat at ang mga punungkahoy hanggang hindi namin natatatakan sa noo ang mga lingkod ng ating Diyos.”

⁴ At narinig ko ang bilang ng mga natatakan mula sa bawat tribu ng mga anak ng Israel:

⁵ labindalawang libo sa tribu ng Juda;
labindalawang libo sa tribu ng Ruben;
labindalawang libo sa tribu ng Gad;

⁶ labindalawang libo sa tribu ng Aser;
labindalawang libo sa tribu ng Neftali;
labindalawang libo sa tribu ng Manases;

⁷ labindalawang libo sa tribu ng Simeon;

labindalawang libo sa tribu ng Levi;
labindalawang libo sa tribu ng Isacar;

⁸ labindalawang libo sa tribu ng Zabulon;

labindalawang libo sa tribu ng Jose;
at labindalawang libong natatakan sa tribu ng Benjamin.

⁹ Patuloy akong tumingin. May nakita akong di-mabilang na makapal na tao mula sa lahat ng bansa, tribu, bayan at wika. Nakatayo sila sa harap ng trono at ng Kordero, na nakademit ng mahabang puti at may hawak na palaspas. ¹⁰ Sumisigaw sila nang malakas: “Sa ating Diyos na nakaupo sa trono, at sa Kordero rin ang pagliligtas.”

¹¹ Ang mga anghel na nakapalibot na lahat sa trono at ang matatanda at apat na nilalang na buhay, ay nagpatirapa sa harap ng trono upang sumamba sa Diyos.

¹² At sabi nila:

*Amen. Sa ating Diyos ang papuri,
ang luwalhati, ang karunungan,
ang pasasalamat, ang parangal,
ang kapangyarihan at lakas
magpakailanman. Amen!*

¹³ Noon nagsalita ang isa sa matatanda at nagsabi sa akin. “Alam mo ba kung sino ang mga nakademit ng mahabang puti at kung saan sila galing?” ¹⁴ Sumagot ako. “Ginoo, ikaw ang nakakaalam nito.” At sinabi niya: “Galing sa matinding pag-uusig ang mga ito; naglaba at nagpaputi

Matandang Tipan at ipahayag ang pagtanggap ng bayang Judio, tinitimbang ni Juan ang mga dantaong puspos ng biyaya at mga kaloob ng Diyos para sa kanyang hinirang na bayan.

Dahil sa hindi pagtanggap ng mga Judio kay Jesus, maaaring maiisip na iyon ay isang ganap na kabiguan. Gayunman, inihaharap ni Juan ang isang pangitaing puno ng pag-asa. Itinatala ng mga anghel ang mga hinirang. Labindalawang libo mula sa bawat isang lipi. Alam natin na ang *labindalawa* ang bilang ng pagiging puno. Kaya labindalawa ang tribu ng mga Judio at labindalawa ang mga apostol, at kailangang unawain natin na pinakamataas at pinakakasiya-siya ang bilang ng hinirang at hindi nabigo ang Diyos.

Sino itong mga hinirang? Sa isang dako, ito ang mga Judio na sumusunod kay Jesus. Ito rin iyong mga hindi naniniwala sa kanya nang hindi naman kasalanan ng mga ito, ngunit naligtas din sa bisa ng kanyang kamatayan at muling pagkabuhay.

Sa gayon ay nagkaroon tayo ng talaan ng mga iniligtas ng Diyos mula sa kanyang unang bayan, ang

Israel. Pagkatapos, isang malaking pulutong na hindi kayang bilangan ang tao, ang biglang nakita.

May nakita akong di-mabilang na makapal na tao. Ito ang bagong bayan ng Diyos. Ang mga tagasunod ni Kristo ay nagmumula sa lahat ng bansa ng daigdig at nakiisa sa mga sumasampalataya sa Matandang Tipan.

Isang di-mabilang na makapal na tao (9). Nagpapahina man sa ating loob ang mga nakikitang malimit sa mga pangyayari, magiging di kapani-paniwalang tagumpay pa rin ang pagtubos sa sangkatauhan: sa lahat ng dako inihahanda ang bayan ng Diyos.

Galing sa matinding pag-uusig ang mga ito (14). Hindi naman pawang martir ang karamihan sa mga naligtas; gayunman, nakita sila ni Juan na kinakatawan ng mga martir. Sapagkat huwaran ng bawat Kristiyano ang mga martir na inihandog pati ang buhay dahil sa kanilang pananampalataya. Bukod dito, nagsasalita si Juan para sa mga Kristiyano sa bisperas ng unang malawakang pag-uusig dahil sa relihiyon.

Pagpupuri, luwalhati at karunungan para sa ating

sila ng kanilang damit sa dugo ng Kordero. ¹⁵ Dahil dito kaya sila nasa harap ng trono ng Diyos. Pinaglilingkuran nila siya araw at gabi sa kanyang templo at kukupkupin sila ng nakaupo sa trono.

¹⁶ *Hindi na sila magugutom ni mauuhaw, hindi na masusunog sa matinding araw o init.*

¹⁷ Sapagkat papastulin sila ng korderong nasa gitna ng trono at aakayin sa mga bukal ng nagbigay-buhay na tubig, at papahirin ng Diyos ang lahat ng luha sa kanilang mga mata.

8 • ¹ Nang buksan niya ang ikapitong tatak, nagkaroon ng kalahating oras na katahimikan sa langit. ² At nakita kong binigyan ng pitong trumpeta ang pitong anghel na nasa harapan ng Diyos.

³ Dumating ang isa pang anghel na tumayo sa tabi ng altar ng kamanyang; may hawak siyang insensaryong ginto. Binig-

Diyos (12). Isa pang imno ito sa Diyos, ang ating Manunubos. Ang mga umaawit ng pagpupuri sa Diyos ay maaaring nakasaksi na, sa kanilang buhay, na nagmumula sa itaas ang lahat ng karunungan, kapangyarihan at kalakasan.

• **8.1** *Nang buksan ng Kordero ang ikapitong tatak.* Dumating na tayo sa wakas ng Matandang Tipan at ang katahimikang sumunod ang nagpahayag sa pagdating ng Diyos, ang mismong pagdating ng *Salita* ng Diyos (19:13). Sinasagisag ng mga trumpeta ang mga mensahe, ng *pitong trumpeta* ang kabuuan ng mensahe ng Diyos: ang Ebanghelyo. Hindi wakas ng lahat o pagdating ng Paghuhukom ang malagim na wakas ng Jerusalem: Ipinagpapaliban ang katapusan ng kasaysayan at nagsisimula ang isang bagong serye ng mga salot na taglay ng pitong trumpeta. Hindi natin natitiyak ang nasa likod ng lahat ng larawan, ngunit tiyak na tinutukoy niyan ang mga pangyayaring alam na ng mga mambabasa ni Juan, mga pangyayaring kagaganap lamang.

Sa susunod na mga kabanata, magiging higit na marami ang pakikialam ng mga “anghel.”

Isa kayang matulaing paraan ng pagtukoy sa mismong Diyos ang mga anghel? Totoo kaya na sa matandang aklat ng Biblia ay malimit na ginagamit ang salitang “anghel” bilang pagsasabing namagitan ang Diyos (tingnan ang komentaryo sa Gen

yan siya ng maraming kamanyang na maiaalay, kasama ng mga panalangin ng lahat ng banal, sa gintong altar na nasa harap ng trono. ⁴ At mula sa kamay ng anghel pumailanlang ang usok ng kamanyang sa harap ng Diyos kasama ang mga panalangin ng mga banal. ⁵ Pagkatapos ay kinuha ng anghel ang insensaryo, pinuno ng mga baga mula sa altar at inihagis sa lupa. At kumulog, kumidlat at lumindol.

Ang pitong trumpeta

• ⁶ Humanda ang pitong anghel sa pagpapatunog sa kanilang pitong trumpeta. ⁷ Hinipan ng unang anghel ang kanyang trumpeta at umulan ng graniso at apoy na may kahalong dugo. Natupok ang ikatlong bahagi ng mga punungkahoy at ang lahat ng sariwang damo.

⁸ Paghihip ng ikalawang anghel, may isang waring malaking bundok ang inihagis sa dagat, at naging dugo ang ikatlong bahagi ng tubig. ⁹ Kagyat na nalipol ang ikatlong bahagi ng buhay sa

16). *Ngunit dapat din nating isipin na higit na malawak ang paglikha ng Diyos kaysa kaya nating makita at malaman. Mayroon pang ibang nilalang na espirituwal na sumasangkot sa mga plano ng Diyos para sa daigdig.*

“Hindi sila naniniwala sa mga anghel, ni sa muling pagkabuhay ng mga patay” (Gawa 23:8): ito ang paraan ni Lucas sa pagtukoy sa mga Sadduseo, ang mga materyalista sa panahon ni Jesus.

• 6. Nilalayan ng mga talatang ito na ipakita ang kaparusahan sa mga Judio na hindi tumanggap kay Kristo: ginagamit dito ang mga larawang kinuha sa mga salot ng Ehipto, mula sa Ez 38-39, at mula sa iba pang tanyag na sulatin. Sa unang apat na trumpeta, ipinakikita ang kaparusahan sa mismong mga kapangyarihan ng kalikasan, na nang lumaon ay sinalanta ang mga makasalanan. Ipinakikita ng ikatlo ang masasamang hukbo ng diyablo na rumaragasang bumagsak sa lupa mula sa langit. Ang ikalima ay maaaring tumutukoy sa mga banyagang pananakop: ito ang panahon ng digmaang Judio ng mga taong 66-70 na nagwakas sa pagkubkob sa Jerusalem. Ngunit tulad din ng mga propesiya sa Ebanghelyo tungkol sa katapusan ng daigdig, ang unang pangyayari ay larawan ng ikalawa, kaya nga dito, ipinahahayag ng ikaanim na trumpeta ang kaparusahan sa lahat ng bayang pagano.

dagat at ikatlong bahagi ng mga barko ang lumubog.

¹⁰ Paghihip ng ikatlong anghel, nahulog mula sa langit ang isang malaking tala at bumagsak na gaya ng isang bolang apoy sa ikatlong bahagi ng mga ilog at bukal.

¹¹ Ang tala ay tinatawag na *Ahenho*. Kaya naging ahenho ang ikatlong bahagi ng mga tubig at maraming taong namatay dahil sa pumait na tubig.

¹² Paghihip ng ikaapat na anghel, napsala ang ikatlong bahagi ng araw, ng buwan at ng mga bituin. Kaya nabawasan ng ikatlo ang kanilang liwanag, at nadi-liman ng ikatlo ang araw at ang gabi.

¹³ Patuloy akong tumingin at narinig ko ang sigaw ng isang agilang lumilipad sa kaitaasan. “Sawi, sawi, sawi ang mga naninirahan sa lupa kapag pinatunog ng tatlo pang anghel ang kani-kanilang trumpeta.”

9 ¹ At humihip ang ikalimang anghel. Nakita ko ang isang bituing nahulog sa lupa mula sa langit, at ibinigay sa kanya ang susi sa balon ng kalaliman. ² Nang mabuksan niya ang balon, mula roon ay pumailanlang ang usok na tulad ng sa malaking pugon at maging ang araw at himpapawid ay nagdilim sa usok na galing sa balon.

³ May mga balang na lumitaw mula sa usok at kumalat sa lupa; katulad ng sa karaniwang alakdan ang ibinigay na kapangyarihan sa kanila. ⁴ Tinagubilinan silang huwag maminsala ng damo sa lupa o ng alinmang halaman at punungkahoy kundi ng mga tao lamang na walang tatak ng Diyos sa kanilang noo. ⁵ Hindi nila dapat patayin ang mga tao kundi pahira-pan ang mga ito sa loob ng limang buwan; katulad ng alakdan ang pagpapahirap ng mga ito. ⁶ Sa mga araw na iyon, hahanapin ng mga tao ang kamatayan at hindi matatagpuan, at kapag hinangad nilang mamatay, lalayuan sila ng kamatayan.

⁷ Kaanyo ng mga kabayong handa sa labanan ang mga balang. May waring koronang ginto sa kanilang ulo at mukhang-tao sila. ⁸ Gaya ng sa babae ang kanilang buhok at gaya ng sa leon ang kanilang mga ngipin. ⁹ May baluti silang waring bakal, at waring ragasa ng maraming tumatakbong karwaheng pandigma ang ingay ng kanilang mga pakpak. ¹⁰ Gaya ng sa alakdan ang buntot nila, na may tuka, may kakayahang pahirapan ang mga tao sa loob ng limang buwan. ¹¹ Naghahari sa kanila ang anghel ng kailaliman. Ang pangalan niya ay Abadon sa wikang Hebreo, Apolyon sa Griyego, at Pagwawasak sa Tagalog.

¹² Dumaan na ang unang Sawi, ngunit padating pa ang dalawang kasunod nito.

¹³ Paghihip ng ikaanim na anghel, narinig ko ang isang tinig na nanggagaling sa mga sungay ng gintong altar sa harap ng Diyos. ¹⁴ Sinabi sa ikaanim na anghel na may dalang trumpeta: “Kalagan mo ang apat na anghel na nakatali sa tabi ng malaking Ilog Eufrates.” ¹⁵ At dumating ang apat na anghel na naka-handa sa takdang taon at buwan at araw, upang patayin ang ikatlo ng sangkatauhan. ¹⁶ Sa pagkarinig ko ay dalawandaang milyong bilang ng mga mangagabayong ito!

¹⁷ Nakita ko sa pangitain ang mga kabayo at ang mga sakay nila. Kulay apoy, biyoleta at asupre ang mga baluti, kamukha ng leon ang ulo ng mga kabayo at ang bibig nila ay nagbubuga ng apoy, usok at asupre. ¹⁸ Sa tatlong salot na ito – na ang apoy, usok at asupreng ibinubuga ng mga kabayo, pinatay ang ikatlong bahagi ng sangkatauhan. ¹⁹ Ang kapangyarihan ng mga kabayo ay nasa kanilang bibig at buntot. Waring mga ahas ang kanilang buntot na may ulong handang manuklaw.

²⁰ Ang nalabing mga tao na hindi namatay sa mga salot na ito ay hindi

nagbago sa mga gawa nila at patuloy na sumamba sa mga demonyo; mayroon silang mga diyus-diyusang ginto, pilak, tanso, bato at kahoy na hindi nakakikita, nakaririnig at nakalalakad. ²¹Hindi sila nagsisi sa kanilang mga pagpatay at pangkukulam at kahalayan at pagnanakaw.

Natupad ang ipinahayag ng mga propeta

10 ¹At nakita ko ang isa pang anghel na bumababa mula sa langit na balot ng ulap. Naliligiran ng bahaghari ang ulo niya. Parang araw ang kanyang mukha at haliging apoy ang mga paa. ²Hawak niya ang isang nakabukas na munting aklat. Nakatuntong sa dagat ang kanyang kanang paa at sa lupa ang kaliwa. ³Sumigaw siyang sinlakas ng umuungal na leon. ⁴At sa pagsigaw niya umugong na nagsalita ang pitong kulog.

Isulat ko sana ang sinabi ng pitong kulog, ngunit narinig ko ang isang tinig mula sa langit: “Ilihim mo ang sinabi ng pitong kulog, huwag mong isulat iyon.”

⁵At ang anghel na nakita kong nakatayo sa dagat at sa lupa ay nagtaas ng kanyang kanang kamay sa langit, ⁶at nanumpa sa pangalan ng nabubuhay

magpakailanman na lumikha sa langit at lahat ng narito, at sa lupa at lahat ng narito, at sa dagat at ang lahat ng narito. Sabi niya: “Wala nang pagkabalang pa.” ⁷Sapagkat malapit nang umihip ang ika-pitong anghel, at sa panahon ng kanyang tunog tutuparin ang lihim na balak ng Diyos ayon sa ibinalita niya sa kanyang mga lingkod na propeta.

⁸Ang tinig na aking narinig mula sa langit ay muling nagsalita sa akin. Sabi niya: “Tumindig at kunin ang nakabukas na munting libro ng anghel na nakatayo sa dagat at sa lupa.” ⁹Lumapit ako at hiningi sa anghel na ibigay sa akin ang munting aklat. Sabi niya: “Kunin at kanin ito; kahit sintamis ng pulot-pukyutan sa bibig mo, ito’y papait sa tiyan mo.”

¹⁰Pagkatanggap ko ng munting aklat sa kamay ng anghel, kinain ko iyon. Sintamis ng pulot-pukyutan sa aking bibig; pagkakain ko naman nito, pumait ito sa aking tiyan. ¹¹At sinabi sa akin: “Dapat kang muling magpropeta laban sa maraming lahi, bansa, wika at hari.”

Ang dalawang saksi

11 ¹Binigyan ako ng isang tungkod na panukat at inutusan: Sukatin mo ang templo ng Diyos at ang

• **10.1** Minsan pa, inasahang matatapos ang lahat sa ikapitong trumpeta. Gayunman, bago iyon napatunog, biglang ipinahayag ng pitong dagundong ang isang mahiwagang kataga para sa tao at aniya: *tutuparin ang lihim na balak ng Diyos ayon sa ibinalita niya...* (7).

Baka ang lihim na salita (4) ang balita na naging tao ang Salita ng Diyos. Tungkol naman sa *maliit na aklat*, taglay niyon ang mga bagong pangyayari na magiging kaakbay sa pagpapalaganap ng Ebanghelyo. Nangangahulugan ito na hindi nagbibigay-wakas sa kasaysayan ang pagdating ni Kristo at hindi rin nagdadala ng langit sa lupa.

Dapat *kanin* ni Juan *ang aklat*. Ito ay isang pananalitang nakita na natin sa Ezekiel (2:8-3:4). Matamis ito at maasim: matamis ang tinig, ngunit mahirap ang gawain. Sa gayon ay naunawaan natin na ang kasaysayan ng Israel, na inilalarawan ng aklat ng pitong tatak (5:1) ay hindi ang buong banal na kasaysayan, kundi ang unang bahagi lamang, ang Matandang Tipan.

• **11.1** Ito ang simula ng panahon ng pagpapalaganap sa Ebanghelyo. Sa loob ng apatnapung taon sa pagitan ng pag-alis ni Kristo at ng wakas ng Jerusalem, dinala ng mga nagpapatotoo kay Kristo ang Ebanghelyo sa kabuuan ng paganong daigdig. Ang panahong ito ang tinawag ni Pablo na “panahon ng mga bansa” at sa Palestina ay mapagkakakilanlan sa sunud-sunod na krisis. Bagamat pinangangalagaan ng Diyos ang kanyang mga tunay na mananamपालतaya (ang mga *sinukat* o ibinukod) ang mga paganong Romano naman ay patuloy na sinusupil at niyayapakan ang *panlabas na patyo*, na kumakatawan sa nakararaming mamamayan ng Israel na hindi sumama sa Iglesya.

Niluluwalhati ng pahinang ito ang apostoladong Kristiyano: ang mga pagpupunyagi, ang mga martir, ang mga gantimpala.

Kinakatawan ng dalawang saksi ang mga apostol na Kristiyano sa lahat ng panahon. Huwag kalilimutang sinugo ni Jesus ang kanyang mga disipulo nang dala-dalawa. Ang pagiging dalawa nila ay isa ring pagunita na iba-iba ang paglilingkod sa Iglesya. Ang dalawang

altar at bilangin ang mga sumasamba roon. ²Huwag mo namang sukatin ang patyong nasa labas ng templo sapagkat ipinaubaya na ito sa mga paganong yuyurak sa banal na lunsod sa loob ng apatnapu't dalawang buwan. ³Magbigay ako ng aking dalawang saksi na magpopropetang nakasuot ng damit panluksa sa loob ng 1260 araw."

⁴Sila ang dalawang punong olibo at ang dalawang ilawang nasa harap ng Panginoon ng sangkalupaan. ⁵Pag may nagtangkang maminsala sa kanila, lalabas ang apoy sa kanilang bibig at tutupukin ang kanilang mga kaaway. Ganyan lilipulin ang sinumang magtatangka sa kanila ng masama. ⁶Mayroon silang kapangyarihang sarhan ang langit upang huwag umulan habang hindi pa naganap ang panahon ng kanilang pagpopropeta. Mayroon din silang kapangyarihang gawing dugo ang mga tubig at pinsalain ang lupa ng kahit anumang salot kung kailan nila gusto.

⁷Ngunit pag naganap na ang kanilang pagpapatotoo, didigmain sila ng halimaw na aahon mula sa kailaliman; lulupigin at papatayin sila. ⁸Ang bangkay nila'y malalitag sa liwasan ng malaking patalin-hagang tinatawag na Sodoma o Ehipto:

saksi ay ang dalawa rin sa pinakatanyag na apostol, sina Pedro at Pablo, na kapwa pinatay sa *Dakilang Lunsod*, ang Roma, sa mga taong 64-67. Si Pedro, ang unang nangangasiwa ng Iglesya ni Jesus, at si Pablo, ang apostol sa mga bansang pagano.

Upang maunawaan ang sinasabi tungkol sa kanila, makabuluhang malaman na lahat ng ginamit na paghahambing ay mula sa Biblia, laluna sa mga teksto na lumuluwalhati sa mga dakilang propetang sina Moises at Elias.

– *Ipahahayag nila ang aking salita, na nakasuot ng sako.* Ipinangangaral ng apostol ang pagpipeniten-siya at ang walang rangyang buhay.

– *Sanlibo at dalawandaan at animnapung araw:* ang ibig sabihin ay tatlong taon at kalahati, na nanganahulugang panahon ng pagsubok.

– *Ito ay dalawang puno ng olibo,* o mahalaga sila sa mata ng Diyos; tingnan ang Zacarias 4.

– *May kapangyarihan silang ipinid ang langit,* tulad ni Elias, na ang ibig sabihin ay pinagkalooan sila ng Diyos ng kapangyarihan na makagawa ng himala.

dito ipinako sa krus ang kanilang Panginoon. ⁹At makikita ng maraming tao sa maraming lahi, wika at bansa ang kanilang bangkay sa loob ng tatlong araw at kalahati, sapagkat hindi pahihintulutang ilibing ang kanilang mga bangkay. ¹⁰Matutuwa ang mga naninirahan sa lupa dahil sa kanila at magpapalitan ng regalo, sapagkat nagpahirap ang dalawang propetang ito sa mga naninirahan sa lupa.

¹¹Ngunit makalipas ang tatlong araw at kalahati, pumasok sa kanila ang isang nagbibigay-buhay na espiritu mula sa Diyos at bumangon sila. At labis na nasindak ang mga nakatingin sa kanila. ¹²At nakarinig sila ng isang malakas na tinig mula sa langit na nagsabi sa kanila: "Pumaitaas kayo rito!" Kaya pumaitaas sila sa langit na balot ng ulap sa paningin ng kanilang mga kaaway. ¹³Sa sandaling iyon ay lumindol nang malakas at nagiba ang ikasampung bahagi ng lunsod – pitong libong tao ang namatay dahil sa lindol. Natakot naman ang mga nalabi at niluwalhati nila ang Diyos ng kalangitan.

¹⁴Nakaraan ang ikalawang Sawi, at malapit nang dumating ang ikatlong Sawi.

• ¹⁵Paghihip ng ikapitong anghel ay

– *Nang maisagawa nila ang kanilang misyon.* Hindi sila madadaig ng kasamaan bago loobin ng Diyos na mangyari ang gayon. Saka lamang magaganap ang kanilang pagkamartir.

– *Pagkatapos ng tatlo at kalahating araw* (muli, ang sagisag na bilang sa pagsubok), itataas sila. Niluwalhati na sila ng Iglesya na may mga apostol at martir na tagapamagitan sa langit. Kahati na sila sa muling pagkabuhay ni Kristo, at pinatotohanan iyon ng kanilang mga kaaway na nang patayin ang mga tagapagpatotoo ni Kristo ay hindi nawasak ang kanilang gawain na patuloy na matagumpay na umuunlad.

Saan sila namamatay? Tumuturo sa Jerusalem at Roma ang mga larawan na ang ibig sabihin ay ang mga Judio at Romano sa unang apatnapung taon ng Iglesya. Pinatay ng mga Judio sina Esteban at Santiago; sina Pedro at Pablo, ng mga Romano, at hindi na babanggitin pa ang iba.

• 15. Sa pag-ihip ng ikapitong trumpeta, ipinaha-

narinig ang malalakas na tinig sa langit: Naganap na sa mundo ang pagkahari ng ating Panginoon at ng kanyang Mesiyas. Siya ang maghahari magpakailanman.

¹⁶ Nagpatirapa ang dalawampu't apat na matatandang nakaupo sa kani-kanilang luklukan sa harap ng Diyos at sumamba sila sa Diyos. ¹⁷ Ito ang sabi nila:

*Nagpapasalamat kami sa iyo, Panginoong Diyos,
na may-ari ng lahat
na siyang ngayon at noon pa man.
Sapagkat ginamit mo ang iyong malaking lakas
at nagsimula kang maghari.*

PATUNGO SA HINAHARAP: ANG DAIGDIG AT ANG IGLESYA

Ang babae at ang dragon

12 • ¹ May lumitaw na dakilang tanda sa langit: isang babaeng nadaramtan ng araw; nasa ilalim ng kanyang mga paa ang buwan, at korona naman sa kanyang ulo ang labindalawang bituin. ² Nagdadalan-tao siya at sumisigaw sa pagdaramdam sa panganganak.

³ Lumitaw ang isa pang tanda sa langit: isang malaking pulang dragon na may pitong ulo at sampung sungay at pitong

hayag ang simula ng Kaharian ng Diyos sa ating daigdig. Nakikita natin ang isang makalangit na templo, na inihalili sa Templo ng Jerusalem, isang bagong kaban na sumasagisag sa bagong Tipan ng Diyos sa mga tao ng bawat bansa.

• **12.1** Dito nagsisimula ang ikalawang bahagi ng pangitain ni Juan. Iniwan na ng Iglesya ang daigdig na Judio at pinalalawak ang tanaw. Makukuha ng Iglesya ang mga bansa sa pakikipagtunggali sa kapangyarihan ng diyablo. Mayroon na tayong simula ng serye ng pitong tanda o pangitain sa langit. Kinakatawan ng unang dalawa ang mga protagonista ng banal na kasaysayan, ang Babae at ang Dragon – ang Bayan ng Diyos at ang Diyablo.

Lumitaw ang isang babae. Waring napaliligiran siya ng luwalhati, ngunit nararamdaman na niya ang sakit ng pagsisilang. Kinatawan nito ang sangka-

¹⁸ *Nagngalit ang mga bansa,
ngunit sumapit ang oras ng iyong poot
ang takdang panahon ng paghatol sa
mga patay*

*para magbayad sa mga propetang
iyong lingkod*

*at sa mga banal na malaki o maliit man
na may pitagan sa iyong pangalan
at para wasakin naman ang mga
nagwawasak ng lupa.*

¹⁹ Nabuksan ang templo ng Diyos sa kalangitan at nakita ang Kaban ng kanyang Tipan sa loob ng kanyang templo. At saka may kidlat, ugong at kulog, may lindol din at umuulan ng mga batong yelo.

korona sa kanyang mga ulo. ⁴ Kaladkad ng kanyang buntot ang ikatlong bahagi ng mga bituin sa langit at ibinulid niya ang mga iyon sa lupa. Tumayo ang dragon sa harap ng babaeng manganganak para lamunin ang kanyang anak pagsilang nito. ⁵ Isang lalaki ang ipinanganak niya, *na siyang magpapastol sa lahat ng bansa sa pamamagitan ng tungkod na bakal.* Ngunit inagaw ang anak niya at dinala sa Diyos at sa kanyang trono ⁶ at tumakas

tauhan. Sa simula ng Biblia, kinatawan ito ni Eba, ang babaeng nagkasala. Ngunit ngayon ay nakikita natin ang sangkatauhan kung paanong hinahangad ng Diyos: nagdaranas ng sakit sapagkat ang ating buong kasaysayan ay ang masakit na paghahanda sa paglilig-tas sa atin. Nagsilang siya ng isang batang lalaki, na si Kristo mismo. Bunga ng pag-ibig ng Diyos sa sangkatauhan ang Tagapagligtas. Sabay na mula sa Diyos at sa mga tao ang kaligtasan.

Kinakatawan ng babae ang sangkatauhan na nakikipagtulungan sa mga plano ng Diyos; si Maria rin na nagsilang kay Jesus; iyon din ang Iglesya na *tumatakas patungo sa disyerto*: patungo sa buhay na espirituwal na hiwalay sa daigdig at binubuhay ng Salita ng Diyos sa panahon ng pag-uusig: *sanlibo at dalawandaan at animnapung araw*, o tatlong taon at kalahati (tingnan ang 11:11).

Ang ahas ang siyang may unang kasalanan, ngunit